# ANG PANUNUMBALIK
## NG EBANGHELYO NI JESUCRISTO





## Ang Diyos ang Inyong Mapagmahal na Ama sa Langit

Ang Diyos ang inyong Ama sa Langit. Kilalang-kilala Niya kayo at minamahal nang higit kaysa sa nauunawaan ninyo. Nais Niya kayong lumigaya sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Para maisakatuparan ang layuning ito, ibinigay Niya ang plano na tinatawag na ebanghelyo* ni Jesucristo. Si Jesucristo ang Anak ng Diyos; ang Kanyang buhay at mga turo ang gabay sa kapayapaan sa buhay na ito at sa kagalakan sa kawalang-hanggan.

*Ibinalik—ipinanumbalik—ng ating Ama sa Langit ang mga banal na katotohanang maaari ninyong malaman at ipamuhay. Ang mga katotohanang ito ay inihayag sa mga propeta mula pa sa simula.*

## Pinagpapala ng Ebanghelyo ang mga Pamilya at Indibiduwal

Pinagpapala ng ebanghelyo ni Jesucristo ang lahat ng tumatanggap at ipinamumuhay ito. Ang isa sa mga pinakamagandang lugar para maituro at maipamuhay ang ebanghelyo ay sa mga pamilya. Itinatag ng Diyos ang mga pamilya para mabigyan ng kaligayahan ang Kanyang mga anak, para matutuhan natin ang mga tamang alituntunin sa isang kapaligirang may pagmamahalan, at ihanda tayong makabalik sa Kanya pagkamatay natin. Pero kahit nagkakaroon minsan ng problema sa mga relasyon natin sa pamilya, pinagpapala tayo ng ating Ama sa Langit kapag sinisikap nating sundin ang mga turo ni Jesucristo. Nakakatulong sa atin ang mga turong ito para mapatatag ang ating pamilya.

## Inihahayag ng Ama sa Langit ang Kanyang Ebanghelyo

Bilang bahagi ng Kanyang plano, pumipili ang Diyos ng mga propeta, tulad nina Adan, Noe, Abraham, at Moises. Ang mga propeta ay:

- Nagtuturo tungkol sa Diyos at sila ay mga natatanging saksi ng Kanyang Anak na si Jesucristo.
- Tumatanggap ng paghahayag, o direksyon mula sa Panginoon.
- Nagtuturo ng ebanghelyo sa mundo at nagpapaliwanag ng mga salita ng Diyos.

*Ang mga salitang kulay pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Mapalalakas ng ebanghelyo ni Jesucristo ang inyong pamilya.***

Tumatanggap ang mga propeta ng priesthood, o ng awtoridad na magsalita at kumilos sa ngalan ng Diyos para pamunuan ang Kanyang mga anak. Tinatanggap ng mga taong sumusunod sa mga propeta ang mga biyayang ipinangako ng Diyos. Ang mga tumatanggi sa ebanghelyo at sa mga propeta ng Diyos ay nawawalan ng mga pagpapalang iyon at inilalayo nila ang kanilang sarili sa Diyos. Ang mga tumatanggi sa mga propeta at tumatalikod sa pangako nilang susundin ang Diyos ay nasa kalagayang tinatawag na apostasiya.


*Nawawala ang mga inihayag na katotohanan kapag hindi tinatanggap ng mga tao ang mga propeta.*

Kahit marami sa Kanyang mga anak ang paulit-ulit na tumanggi sa Kanya at sa Kanyang propeta, mahal pa rin ng ating Ama sa Langit ang Kanyang mga anak. Nais Niyang ibigay ang lahat ng kailangan natin para lumigaya ngayon at makabalik sa Kanya pagkamatay natin. Inihahayag ng mga banal na kasulatan ang paraan ng paulit-ulit na pagtulong ng Diyos sa Kanyang mga anak, kahit hindi tayo palaging nakikinig:

- Pumipili ang Diyos ng isang propeta.
- Itinuturo ng propeta ang ebanghelyo at pinamumunuan ang mga tao.
- Pinagpapala ng Diyos ang mga tao.
- Unti-unting binabalewala o sinusuway ng mga tao ang mga turo ng propeta. Kalauna'y tinatanggihan nila ang propeta at ang kanyang mga turo at nag-aapostasiya.
- Dahil sa apostasiya, nawawala ang kaalaman ng mga tao sa ebanghelyo. Inaalis sa kanila ang awtoridad ng priesthood.
- Sa tamang panahon at kapag handa nang sumunod ulit ang mga tao sa Kanya, pumipili ang Diyos ng isa pang propeta, ibinabalik ang priesthood at ang Simbahan, at inuutusan ang propeta na ituro ang ebanghelyo.

*Ang mga salitang kulay pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Itinala ng mga propeta ng Lumang Tipan ang mga salita ng Diyos.***





## Itinatag ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan

Mula noong Paglikha, inasam na ng mga anak ng Diyos ang pagdating ng Tagapagligtas na si Jesucristo. Tulad ng ipinangako Niya, isinugo ng ating Ama sa Langit ang Kanyang Anak na si Jesucristo sa daigdig mahigit 2,000 taon na ang nakalilipas.

Perpekto at walang bahid-sala ang buhay ni Jesucristo. Itinatag Niya ang Kanyang Simbahan, itinuro ang Kanyang ebanghelyo, at nagsagawa ng maraming himala. Pumili Siya ng labindalawang kalalakihan para maging mga Apostol Niya, kabilang na sina Pedro, Santiago, at Juan. Tinuruan Niya sila at binigyan ng awtoridad ng priesthood upang magturo sa ngalan Niya at magsagawa ng mga sagradong ordenansa, tulad ng binyag.

Nang itatag ni Jesus ang Kanyang Simbahan, tumanggap Siya ng mga direksyon mula sa ating Ama sa Langit. Pagkatapos ay binilinan Niya ang Kanyang mga disipulo. Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga alagad na ang paghahayag mula sa Diyos ang batong pagtatayuan Niya ng Kanyang Simbahan.

Sa huling sandali ng Kanyang buhay, nagdusa at namatay si Jesucristo para sa mga kasalanan ng lahat ng nabuhay o mabubuhay sa daigdig. Ang sakripisyong ito ay tinatawag na Pagbabayad-sala. Sa pamamagitan ng Kanyang pagdurusa, kamatayan, at Pagkabuhay na Muli, ginawang posible ng Tagapagligtas na mapatawad tayo. Ang mga sumasampalataya sa Kanya, nagsisisi, at sumusunod sa Kanyang mga utos ay tumatanggap ng kapatawaran sa mga kasalanan at napupuspos ng kapayapaan at kagalakan.

*Itinatag ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan:*

- *Tumawag Siya at nag-orden ng mga Apostol.*
- *Ibinigay Niya sa kanila ang Kanyang awtoridad para makapagturo at makapagbinyag. Ang awtoridad na ito ay tinatawag na priesthood.*
- *Pagkatapos ng Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Muli, patuloy Niyang ginabayan ang mga Apostol sa pamamagitan ng paghahayag.*

*Ang mga salitang kulay pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Iginawad ni Jesus ang priesthood sa Kanyang mga Apostol.***

Matapos Siyang Mabuhay na Muli, ginabayan ni Jesucristo ang Kanyang mga Apostol sa pamamagitan ng paghahayag. Nakatala sa Biblia ang maraming paraan ng patuloy Niyang pagpatnubay sa Kanyang Simbahan (tingnan sa Mga Gawa 10; Apocalipsis 1:1). Dahil dito ang Simbahan ni Jesucristo ay pinamunuan ng Diyos at hindi ng tao.

## Ang Malawakang Apostasiya

Pagkamatay ni Jesucristo, inusig at pinatay ng masasamang tao ang maraming miyembro ng Simbahan. Ang ibang mga miyembro ng Simbahan naman ay lumayo sa mga alituntuning itinuro ni Jesucristo at ng Kanyang mga Apostol. Pinatay ang mga Apostol, at kinuha sa daigdig ang awtoridad ng priesthood—pati na ang mga susi sa patnubay at pagtanggap ng paghahayag para sa Simbahan. Dahil hindi na pinamunuan ng awtoridad ng priesthood ang Simbahan, nahaluan ng mga maling turo ang mga turo ng Simbahan. Nanatili ang mabubuting tao at maraming katotohanan, ngunit nawala na ang ebanghelyong itinatag ni Jesucristo. Ang panahong ito ang tinatawag na Malawakang Apostasiya.

*Nang mamatay ang mga Apostol ni Jesucristo, muling nawala ang katotohanan.*

Ang apostasiyang ito ay nauwi sa pagbuo ng maraming simbahang magkakasalungat ang mga turo. Sa panahong ito, maraming kalalakihan at kababaihang naghanap sa katotohanan, pero hindi nila ito matagpuan. Maraming mabubuting tao ang naniwala sa Diyos at kay Jesucristo at sinikap unawain at ituro ang katotohanan, ngunit wala sa kanila ang kaganapan ng ebanghelyo o awtoridad ng priesthood. Dahil dito, minana ng bawat henerasyon ang kalagayan ng apostasiya, na naipasa sa kanila ng mga tao ng nakaraang mga henerasyon, pati na ang mga pagbabago sa ebanghelyo ni Cristo.

Alam ng ilang inspiradong kalalakihan, tulad nina Martin Luther at John Calvin, na nabago o nawala ang mga kaugalian at doktrina. Sinikap nilang baguhin ang mga simbahang kinabibilangan nila. Gayunman, kung walang awtoridad ng priesthood, hindi maibabalik ang ebanghelyo ni Cristo sa orihinal na kalagayan nito. Kinailangan ang panunumbalik.

*Ang mga salitang kulay pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

*Alam ng Diyos na magkakaroon ng apostasiya. Sa pamamagitan ng isang propeta sa Lumang Tipan, sinabi Niyang:*

*"Narito, ang mga araw ay dumarating . . . na ako'y magpapasapit ng kagutom sa lupain, hindi kagutom sa tinapay, o kauhawan man dahil sa tubig, kundi sa pagkarinig ng mga salita ng Panginoon:*

*"At sila'y magsisilaboy sa dagat at dagat, at mula sa hilagaan hanggang sa silanganan; sila'y magsisitakbo ng paroo't parito upang hanapin ang salita ng Panginoon, at hindi masusumpungan."*

**Amos 8:11–12**



## Ang Panunumbalik ng Ebanghelyo

Noong 1820, tulad ng ginawa Niya sa buong kasaysayan, muling pumili ng propeta ang ating Ama sa Langit upang ibalik ang ebanghelyo at priesthood sa lupa. Ang pangalan ng propetang iyon ay Joseph Smith. Noong bata pa siya, nalito si Joseph sa mga pagkakaiba ng maraming simbahan sa kanyang lugar at gusto niyang alamin kung aling simbahan ang tama. Batid na kulang siya sa karunungan, sinunod niya ang payo sa Biblia, "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya" (Santiago 1:5).

Nagpasiya si Joseph Smith na itanong sa Diyos kung ano ang dapat niyang gawin. Nang magdasal si Joseph para malaman ang katotohanan, nagpakita sa kanya ang ating Ama sa Langit at si Jesucristo. Sinabi ni Jesus kay Joseph na huwag sumapi sa alinmang simbahan, dahil "lahat sila ay mali" at "lumalapit sila sa akin sa pamamagitan ng kanilang mga labi, subalit ang kanilang mga puso ay malayo sa akin, itinuturo nila bilang mga doktrina ang mga kautusan ng tao, na may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:19).

Tulad ng ginawa ng Diyos kina Adan, Noe, Abraham, Moises, at iba pang mga propeta, tinawag Niya si Joseph Smith na maging propeta na siyang magiging daan ng panunumbalik ng kaganapan ng ebanghelyo.

*Nakita ni Joseph Smith ang ating Ama sa Langit at si Jesucristo. Ito ang sinabi niya hinggil sa karanasang ito:*

*"Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin. . . .*

*"Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa*—Ito ang aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!"

**Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17**

***Nagpakita kay Joseph Smith ang ating Ama sa Langit at si Jesucristo, tulad ng inilarawan sa pelikulang* Ang Panunumbalik.**

## Ang Panunumbalik ng Ebanghelyo

Noong 1829, tinanggap ni Joseph Smith ang awtoridad ng priesthood na siya ring ibinigay ni Jesucristo sa Kanyang mga Apostol. Si Juan Bautista, na nagbinyag kay Jesus, ay nagpakita kay Joseph Smith at iginawad sa kanya ang Aaronic Priesthood, o nakabababang priesthood. Pagkatapos ay nagpakita sina Pedro, Santiago, at Juan (tatlo sa orihinal na mga Apostol ni Jesucristo) kay Joseph Smith at iginawad sa kanya ang Melchizedek Priesthood, o nakatataas na priesthood.

Matapos matanggap ang awtoridad ng priesthood, inutusan si Joseph Smith na muling itatag ang Simbahan ni Jesucristo sa lupa. Sa pamamagitan niya, muling tumawag si Jesucristo ng Labindalawang Apostol.

*Isinugo ni Jesucristo si Juan Bautista at ang tatlo sa Kanyang mga Apostol upang ibigay kay Joseph Smith ang awtoridad ng priesthood.*

Tulad noong pamunuan ni Jesucristo ang Kanyang mga Apostol sa pamamagitan ng paghahayag matapos Siyang Mabuhay na Muli, patuloy Niyang pinapatnubayan ang Simbahan ngayon sa pamamagitan ng mga buhay na propeta at apostol. Ang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang piniling propeta ng Diyos ngayon. Siya, ang kanyang mga tagapayo, at ang Labindalawang Apostol ang maytaglay ng awtoridad ng priesthood na tinaglay ng lahat ng mga propeta at apostol noong araw. Ang mga lalaking ito ay mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

*Ang mga salitang kulay pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Iginawad nina Pedro, Santiago, at Juan—mga Apostol ni Jesucristo—ang Melchizedek Priesthood kay Joseph Smith.***





## Ang Aklat ni Mormon

Bilang bahagi ng Panunumbalik ng ebanghelyo, inilabas ng Diyos ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, isinalin ni Joseph Smith ang aklat na ito mula sa mga sinaunang talaang nakasulat sa mga laminang ginto. Ang Aklat ni Mormon ay "isang talaan ng mga pakikipag-ugnayan ng Diyos sa mga unang nanirahan sa Amerika at naglalaman ng kabuuan ng walang hanggang ebanghelyo" (pambungad sa Aklat ni Mormon).

Ang Aklat ni Mormon ay isang makapangyarihang saksi ni Jesucristo. Tinutulungan tayo nitong maunawaan ang Kanyang mga turo, pati na ang nasa Biblia.

Ang Aklat ni Mormon ay kapani-paniwalang katibayan ng Panunumbalik ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Joseph Smith. Malalaman mo sa iyong sarili na ang Aklat ni Mormon ay totoo. Para magkaroon ng kaalamang ito, dapat mo itong basahin, pag-isipang mabuti ang mga mensahe nito, at hangaring malaman kung ito ay totoo. Kailangan mong hilingin sa iyong Ama sa Langit na pagtibayin na ito ay Kanyang salita. Kapag ginawa mo ito, ihahayag Niya sa iyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ito ay totoo.

*Malalaman ninyo na totoo ang itinuro ng mga misyonero kung babasahin at ipagdarasal ninyo ang Aklat ni Mormon:*

*"Kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.*

*"At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay."*

**Moroni 10:4–5**

Kapag nalaman mo na ang Aklat ni Mormon ay totoo, malalaman mo rin sa pamamagitan ng Espiritu Santo na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos, na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ibinalik sa pamamagitan niya, at na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay pinamumunuan ng isang propeta at mga apostol ngayon.

*Ang mga salitang kulay pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Nakatala sa Aklat ni Mormon ang pagbisita ni Jesucristo sa mga lupain ng Amerika.***

## PAANO KO MALALAMAN?

Maaari mong malaman na ang mensaheng ito ay totoo. Kung magdarasal ka sa iyong Ama sa Langit, sasagutin ka Niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay tinatawag ding Espiritu ng Diyos, at isa sa Kanyang mga tungkulin ang sumaksi, o magpatotoo, tungkol sa katotohanan.

Maaaring maging mahimala at magpabago ng buhay ang kaalamang ito, ngunit kadalasa'y dumarating ito bilang tahimik na pagtiyak, na walang kagila-gilalas na pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Pinagtitibay ng Espiritu Santo ang katotohanan sa pamamagitan ng damdamin, kaisipan, at impresyon. Tulad ng turo sa Biblia, "Ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, [at] pagpipigil" (Mga Taga Galacia 5:22–23). Ang damdaming ito mula sa Espiritu Santo ay personal na paghahayag sa iyo na totoo ang ebanghelyo ni Jesucristo na ibinalik sa pamamagitan ni Joseph Smith. At kakailanganin mong magpasiya kung mamumuhay ka ayon sa kaalamang natanggap mo.

### *Paano Ako Magdarasal?*

- *Bigkasin ang pangalan ng inyong Ama sa Langit.*
- *Ipahayag ang nadarama ng inyong puso (pasasalamat, mga tanong, kahilingan na pagtibayin ang katotohanan ng Aklat ni Mormon at ang naituro ng mga misyonero).*
- *Magwakas ("Sa pangalan ni Jesucristo, amen").*

***Malalaman ninyo ang katotohanan sa pamamagitan ng taimtim na panalangin.***



# Listahan ng mga Kataga

**Aaronic Priesthood** Ang nakabababang priesthood. Kabilang sa priesthood na ito ang awtoridad na magbinyag at ipinangalan kay Aaron sa Lumang Tipan ng Biblia.

**Apostasiya** Kapag nilayuan o tinalikuran ng mga tao, ng Simbahan, o ng mga bansa ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ang apostasiya ay nagbubunga ng pagkakahati-hati, pagkalito, at pagkawala ng awtoridad ng priesthood, o ng karapatang kumilos sa pangalan ng Diyos.

**Apostol** Ang titulong ibinigay ni Jesucristo sa labindalawang lalaking itinuring Niyang pinakamalapit Niyang mga kasamahan noong panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa at binigyan Niya ng awtoridad na kumilos sa Kanyang pangalan. Sa makabagong panahon, tumawag ng iba pang kalalakihan si Jesucristo para magsilbing Kanyang mga Apostol. Tulad noong una, ang Apostol ay natatanging saksi ni Jesucristo at may awtoridad mula sa Kanya.

**Binyag** Mahalagang hakbang sa pagtanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan. Sa pamamagitan ng binyag at kumpirmasyon ng awtoridad ng priesthood, nagiging miyembro tayo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang binyag ay sa pamamagitan ng paglulubog, na ibig sabihin ay sumandaling ilulubog sa tubig ang taong bibinyagan. Ang binyag ay nagpapakita ng ating kahandaang sundin ang halimbawa ni Cristo at makipagtipan sa Diyos.

**Ebanghelyo** Plano ng ating Ama sa Langit para tulungan tayong magkaroon ng kapayapaan sa buhay na ito at magalak sa kawalang-hanggan. Ang ebanghelyo ay nakasentro sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at kinakailangan tayong manampalataya sa Kanya, magsisi, mabinyagan, tumanggap ng Espiritu Santo, at magtiis hanggang wakas.

**Espiritu Santo** Tinatawag ding Banal na Espiritu, ang Espiritu ng Diyos, at ang Mang-aaliw. Siya'y sumasaksi, o nagpapatotoo, sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at naghahayag at nagtuturo ng katotohanan.

**Melchizedek Priesthood** Ang nakatataas o mas dakilang priesthood. Ipinangalan ito kay Melquisedec sa Lumang Tipan ng Biblia, na isang makatarungang high priest at hari.

**Ordenansa** Isang sagrado at pormal na pagkilos na isinasagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood. Isang halimbawa ang binyag.

**Pagbabayad-sala** Ang pangyayari na nagbigay-daan para makipagkasundo tayo sa Diyos. Ang ibig sabihin ng magbayad-sala ay pagdusahan ang parusa sa kasalanan, at sa gayo'y mapapawi ang mga epekto nito sa mga makasalanan na nagsisisi. Si Jesucristo lamang ang kaisa-isang makagagawa ng lubos na Pagbabayad-sala para sa buong sangkatauhan. Kasama sa Kanyang Pagbabayad-sala ang Kanyang pagdurusa para sa ating mga kasalanan, pagbubuhos ng Kanyang dugo, at Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Muli. Dahil sa Pagbabayad-sala, lahat ng nabuhay ay mabubuhay na muli. Maaari din tayong mapatawad sa ating mga kasalanan at makapiling ang Diyos magpakailanman dahil sa Pagbabayad-sala.

**Paghahayag** Komunikasyon sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga anak, karaniwa'y sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Makatatanggap ng paghahayag ang mga tao upang gabayan sila sa kanilang buhay, ngunit tanging ang piniling propeta ng Diyos ang makatatanggap ng paghahayag para sa buong mundo. Ang paghahayag ay dumarating sa maraming anyo, ngunit kadalasan dumarating ito bilang mga kaisipan, damdamin, at impresyon.

**Pagkabuhay na Muli** Matapos ang pisikal na kamatayan, muling magsasama ang espiritu at ang perpektong pisikal na katawang may laman at buto. Si Jesucristo ang unang nabuhay na muli.

**Panunumbalik** Pagbabalik ng isang bagay; muling pagtatatag nito; pagpapanumbalik nito. Matapos mawala ang katotohanan at awtoridad sa lupa, ibinalik ang ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ang panunumbalik ay iba sa repormasyon dahil ang ibig sabihin ng *reporma* ay baguhin ang isang umiiral na organisasyon o gawi sa pagsisikap na ibalik ito sa orihinal na kalagayan, samantalang ang ibig sabihin ng *ipanumbalik* ay muling itatag o panibaguhin ang orihinal na organisasyon o gawi sa kabuuan nito.

**Priesthood** Ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos. Ibinibigay ng Diyos ang kapangyarihang ito sa tao para kumilos sa pangalan Niya. Ang Aaronic Priesthood ay ibinalik kay Joseph Smith ni Juan Bautista, na nagbinyag kay Jesus. Ang Melchizedek Priesthood ay ibinalik nina Pedro, Santiago, at Juan, tatlo sa Labindalawang Apostol ni Jesus.

## DAGDAG NA PAG-AARAL

Ang sumusunod na mga tanong at banal na kasulatan ay makatutulong sa inyo na maragdagan ang inyong kaalaman tungkol sa mga alituntunin na nasa polyetong ito at mapag-isipan ang mga ito. Hindi saklaw ng listahang ito ang lahat; ituturo kayo ng mga talababa at reperensya sa mga banal na kasulatan sa mga karagdagang talata at sanggunian.

**Ano ang kahulugan sa inyo na ang Diyos ang inyong Ama sa Langit?**

Malakias 2:10 (Biblia, Lumang Tipan)

Mga Taga Hebreo 12:9–10 (Biblia, Bagong Tipan)

**Ano ang papel ng isang propeta? Bakit mahalagang malaman na kinakausap ng Diyos ang mga propeta?**

Amos 3:7 (Biblia, Lumang Tipan)

Jacob 4:4–6 (Aklat ni Mormon, pahina 176)

**Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng awtoridad ng priesthood? Paano tinatanggap ng isang tao ang awtoridad na ito?**

Mateo 10:1 (Biblia, Bagong Tipan)

Juan 15:16 (Biblia, Bagong Tipan)

**Ano ang nangyayari kapag nawala ang awtoridad na iyon?**

Amos 8:11–12 (Biblia, Lumang Tipan)

1 Nephi 13:24–29 (Aklat ni Mormon, mga pahina 35–36)

**Nalaman ba ng mga Apostol ni Jesus na magaganap ang apostasiya?**
Mga Gawa 20:28–31 (Biblia, Bagong Tipan)
II Mga Taga Tesalonica 2:2–3 (Biblia, Bagong Tipan)
II Kay Timoteo 4:3–4 (Biblia, Bagong Tipan)

**Ano ang kahulugan sa inyo ng pagkabalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ni Joseph Smith?**
*Ang Patotoo ni Propetang Joseph Smith* (polyeto)

**Ano ang Aklat ni Mormon? Paano ito naging saksi sa tungkulin ni Joseph Smith bilang propeta?**
Pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon
Pambungad ng Aklat ni Mormon

**Ano ang papel ng Espiritu Santo?**
Alma 5:45–47 (Aklat ni Mormon, pahina 318)
Moroni 10:3–5 (Aklat ni Mormon, pahina 773–74)

## Magsimba Tayo

### Halina't Tingnan Kung Paano Mapagpapala ng Ipinanumbalik na Ebanghelyo ang Inyong Buhay



Ang sakrament miting ang pinakamahalagang bahagi ng simba. Karaniwan itong tumatagal nang mahigit isang oras at binubuo ng mga sumusunod:

*Mga himno:* Inaawit ng kongregasyon. (May nakalaan na mga himnaryo.)

*Mga panalangin:* Iniaalay ng mga lokal na miyembro ng Simbahan.

*Ang sakrament:* Ang tinapay at tubig ay binabasbasan at ipinapasa sa kongregasyon bilang pag-alaala sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

*Mga tagapagsalita:* Karaniwan ay isa o dalawang miyembro ng kongregasyon na itinakdang magsalita tungkol sa mga paksa ng ebanghelyo.

*Pananamit:* Ang mga lalaki ay karaniwang nakasuot ng maayos na pantalon at malinis na polo at kurbata. Ang mga babae ay nagsusuot ng bestida o palda't blusa.

Hindi nanghihingi ng mga donasyon sa oras ng pagsamba.

Iniimbita din namin kayong dumalo sa iba pang mga miting, ayon sa inyong mga interes at batay sa inyong edad. Maaaring maiba ang pagkakasunud-sunod at pagdaraos ng mga miting na ito.

*Sunday School:* Mga klase sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at doktrina ng ebanghelyo.

*Mga miting ng Priesthood:* Mga klase para sa mga lalaking edad 12 pataas.

*Relief Society:* Mga klase para sa mga babaeng edad 18 pataas.

*Young Women:* Mga klase para sa mga babaeng edad 12 hanggang 18.

*Primary:* Grupo at mga klase para sa mga batang edad 3 hanggang 11. Madalas ay mayroong nursery para sa mga batang edad 18 buwan hanggang 3 taon.




Oras ng sakrament miting: ______________________

Address ng kapilya: ______________________

______________________

# *Ano ang Dapat Kong Gawin?*




- *Basahin ang Aklat ni Mormon. Mga mungkahing babasahin:* ____________

- *Magdasal upang malaman na si Joseph Smith ay isang propeta at na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.*
- *Magsimba.*
- *Magpasiya kung susundin ninyo ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagpapabinyag. Petsa ng binyag:*

- *Bisitahin ang www.mormon.org upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.*
- *Patuloy na makipagkita sa mga misyonero upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa mga katotohanang ipinanumbalik ng Diyos sa pamamagitan ng mga makabagong propeta.*

  *Susunod na pakikipagkita:* ____________

  *Mga pangalan at numero ng telepono ng mga misyonero:*

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

**www.mormon.org**

**Mga Image Credit**
Pabalat sa harapan: *Ang Nawawalang Tupa*, ni Del Parson. © Del Parson. Bawal kopyahin
Pahina 5: Detalye mula sa *Ipinropesiya ni Propetang Isaias ang Pagsilang ni Cristo*, ni Harry Anderson
Pahina 6: Detalye mula sa *Inordena ni Cristo ang Labindawalang Apostol*, ni Harry Anderson
Pahina 13: Detalye mula sa *Ang Panunumbalik ng Melchizedek Priesthood*, ni Kenneth Riley
Pahina 14: Detalye mula sa *Binisita ni Jesucristo ang mga Lupain ng Amerika*, ni John Scott

© 2006 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.
Pagsang-ayon sa Ingles: 1/06. Pagsang-ayon sa pagsasalin: 1/06. Pagsasalin ng *The Restoration of the Gospel of Jesus Christ*. Tagalog.

TAGALOG
4 02011 56893 5
01156 893